Headline	Vape, e-cigar hihigpitan sa Hunyo – DOH
MediaTitle	Abante Online (www.abante.com.ph)
Date	23 May 2019
Section	NEWS
Order Rank	2
Language	English
Journalist	N/A
Frequency	Daily

Vape, e-cigar hihigpitan sa Hunyo – DOH

By Mia Billones

Tiniyak ng Department of Health (DOH) na tuloy na sa Hunyo ang paghihigpit sa paggamit ng vape at e-cigar.

Sinabi ni DOH spokesperson at Usec. Eric Domingo na ilalabas nila ang mahigpit na panuntunan sa Hunyo lalo pa't dumarami na ang gumagamit nito.

Aniya, kahit na sa maliliit na lugar ay may tindahan ng vape at electronic cigarrette na hindi dapat dahil kailangan pa rin na masiguro na ligtas ang mga produkto.

Posibleng irekomenda rin umano nila ito sa Kongreso para maisama sa Tobacco Regulation Act at Sin Tax Law.

Kasamang ilalabas sa susunod na buwan ang administrative order para higpitan ang mga electronic nicotine delivery system gaya ng e-cigarette at vape.